



# PATNUBAY SA MISA

18 Hunyo 2017

Dakilang Kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo

Taon A

## ARAW NG MGA AMA

### ANG PAGKAIN AT INUMIN NG BUHAY NA WALANG HANGGAN

**A**ng pagdiriwang natin ngayon ng Dakilang Kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ng Panginoon ay isa pang pagkakataon para pagnilayan natin nang puspusan ang kayamanan ng sakramento ng Eukaristiya. Pasalamat natin ang Panginoon sa pagkakaloob sa atin ng kanyang sarili sa anyo ng Tinapay at Alak, ang dakilang Pagkain at Inuming nagpapalusog, nagpapalakas, at umaagapay sa atin sa paglalakbay natin sa lupa.

Alalahanin din nating narito si Hesus sa Eukaristiya bilang TAO at KAIBIGAN na gayon na lamang ang pagmamahal sa atin at nagnanais ng lubusang PAKIKIPAGKAISA sa atin na siyang katunayan ng buhay na walang hanggan.

Ingatan natin ang magagandang katotohanang ito sa ating mga isipa't kaluluwa sa ating pagsisimula sa pagdiriwang ng ating Eukaristiya kung saan natin makakatagpo nang personal ang ating Panginoon.

Ipanalangin din natin ang lahat ng mga tatay ngayong ipinagdiriwang natin ang Araw ng mga Ama.



#### PASIMULA



##### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Pinakamabuting trigo ipinakaing totoo ng Diyos sa mga tao, sarap na kanilang gusto, tamis ng pulot sa bato.**

##### Pagbati

**P**–Halina sa Piging ng Kaharian kung saan nakalaan ang Panginoong Hesus na maging ating Pagkain at Inumin. Ang kanyang pagmamahal at kapayapaan ay sumainyong lahat.

**B**–At sumaiyo rin!

##### Pagsisisi

**P**–Sa Unang Liham ni San Pablo sa mga taga-Corinto, ipinaalaala niyang sinumang tumanggap sa Eukaristiya nang di karapat-dapat ay kumakai't umiinom sa kan-

yang kapahamakan. Alamin natin kung may hindi ikinalulugod si Hesus sa atin. (Manahimik saglit.)

**P**–Para sa mga pagkukulang naming magpahalaga sa kabanalan ng Eukaristiya at pagpapabaya sa marapat na paghahanda sa pagtanggap nito, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Para sa mga pagpapabaya naming maging tapat sa Eukaristiya sa aming pamumuhay at pakikitungo sa aming kapwa, Kristo, kaawaan mo kami!

**B**–Kristo, kaawaan mo kami!

**P**–Para sa mga pagpapalagay lamang namin sa iyo sa mga tabernakulo ng aming mga simbahan at sa aming kapabayaang dumalaw sa iyo sa Banal na Sakramento, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**– Amen!

##### Papuri

**B**– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga

kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

**P**–Diyos na totoo at tao namang totoo, Panginoon naming Heskristo, ang Huling Hapunan ay inilagak mo para kami’y magkasalu-salo sa alaala ng iyong pagpapakasakit ukol sa mga tao. Ipagkaloob mo ang aming kahilingang ang iyong Katawan at Dugo ay aming idangal sa pagdiriwang upang ang dulot mong kaligtasan ay lubos naming mapakinabangan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**–Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** Deut 8:2-3. 14-16

Ang “manna” na ipinang-tawid-gutom ng mga Israelita nang 40 taon at “ang tubig mula sa malaking bato” na pumawi sa kanilang uhaw sa disyerto ay tanda ng tanging pag-ibig ng Diyos sa kanila. Kapwa rin ito paunang pagpapakilala ng Eukaristiya bilang espirituwal na pagkain at inumin sa ating paglalakbay tungo sa Lupang Ipinangako ng langit.

**L**–Pagpapahayag mula sa Aklat ng Deuteronomio

**Sinabi ni Moises sa mga tao:** “Alalahanin ninyo kung paano niya kayo pinatubayan sa ilang sa loob ng apatnapung taon upang matuto kayong magpakumbaba. Sinubok niya kayo kung susundin ninyo siya.

Tinuruan nga kayong magpakumbaba; ginutom niya kayo bago binigyan ng manna, isang pagkaing hindi ninyo kilala ni ng inyong mga ninuno. Ginawa niya ito upang ipakilala sa inyo na ang tao’y hindi lamang nabubuhay sa pagkain kundi sa salita rin naman ng Panginoon.

Huwag ninyong kalilimutan ang Panginoon na nagpalaya sa inyo mula sa pagkaalipin ng bansang

Ehipto. Siya ang pumatnubay sa inyo sa inyong paglalakbay sa malawak at nakatatakot na ilang na puno ng makamandag na mga ahas at alakdan. Nang wala kayong mainom, nagpabukal siya ng tubig mula sa isang malaking bato. Kayo’y pinakain niya roon ng manna, isang pagkaing di ninyo kilala.”

Ang Salita ng Diyos!

**B**–Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** Awit 147

**B**–Purihin mo, Jerusalem, ang Panginoong butihin!

R. M. Velez

Pu-ri -hin mo, Je -ru -sa -lem  
ang Pa -ngi - no -ong bu - ti - hin!

\* Purihin mo, Jerusalem, purihin ang Panginoon, purihin mo ang iyong Diyos, kayong mga taga-Sion. Yaong mga pintuan mo ay siya ang nag-iingat, ang lahat ng iyong lingkod ay siya ang nagbabasbas. **B.**

\* Ginagawang matahimik yaong mga hangganan mo, bibigyan kang kasiyahan sa kaloob niyang trigo. Kung siya ay nag-uutos, agad itong natutupad, dumarating sa daigdig, na hindi na nagluluwat. **B.**

\* Kay Jacob n’ya ibinigay ang balita at pabilin, ang tuntuni’t mga aral, ibinigay sa Israel. Ang ganitong karapatan ay wala ang ibang bansa, pagkat hindi nila batid ang utos na itinakda. Purihin ang Panginoon! **B.**

**Ikalawang Pagbasa** 1 Cor 10: 16-17

Naharap si San Pablo sa mga problema ng pagkakahati-hati sa pamayanan ng Corinto. Dahil sa kanyang malasakit bilang ama, nagpaalala siyang sila ay isa lamang katawan, yamang nabubuhay sa iisang tinapay ng katawan ni Kristo at umiinom sa iisang kalis ng kanyang dugo.

**L**–Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

**Mga kapatid:** Hindi ba’t ang pag-inom natin sa kalis ng pagpa-

pala na ating ipinagpapasalamat ay pakikibahagi sa dugo ni Kristo? At ang pagkain natin ng tinapay na ating pinaghahati-hati ay pakikibahagi naman sa kanyang katawan? Kaya nga, yamang isa lamang ang tinapay, tayo’y iisang katawan bagamat marami, sapagkat nakikibahagi tayo sa iisang tinapay.

Ang Salita ng Diyos!

**B**–Salamat sa Diyos!

**Aleluya**

Jn 6:51

**B**–Aleluya! Aleluya!

Pagkaing dulot ay buhay, si Hesus na Poong mahal, buhay natin s’ya kailanman.

**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** Jn 6:51-58

Sa pagwawakas sa kanyang talumpati tungkol sa Tinapay ng Buhay, binibigyang-diin ni Hesus na ang kanyang katawan ay tunay ngang pagkain at ang kanyang dugo ay tunay ngang inumin. Kaya nga, sinumang kumain ng kanyang laman at uminom ng kanyang dugo ay mabubuhay dahil sa kanya. Gayon ang kadakilaan ng Eukaristiya.

**P**–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

**B**–Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga tao: “Ako ang pagkaing nagbibigay-buhay na bumaba mula sa langit. Mabubuhay magpakailanman ang sinumang kumain nito. At ang pagkaing ibibigay ko sa ikabubuhay ng sanlibutan ay ang aking laman.”

Dahil dito’y nagtalu-talo ang mga Judio. “Paanong maibibigay sa atin ng taong ito ang kanyang laman upang kanin natin?” tanong nila.

Kaya’t sinabi ni Hesus, “Tandaan ninyo: malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo, hindi kayo magkakaroon ng buhay. Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at muli ko siyang bubuhayin sa huling araw.

Sapagkat ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin. Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin, at ako sa kanya. Buhay ang Amang nagsugo sa akin, at ako’y nabubuhay dahil sa kanya. Gayon din naman, ang sinumang kumain sa akin ay mabubuhay dahil sa akin. Ito ang pagkaing bumaba mula sa langit;

ang kumakain nito'y mabubuhay magpakailanman. Hindi ito katulad ng kinain ng inyong mga magulang sa ilang; namatay sila bagamat kumain niyon."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

#### Sumasampalataya

**B** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

#### Panalangin ng Bayan

**P** – Taglay ang pasasalamat sa Panginoong Hesus sa kaloob niyang Eukaristiya, idulog natin sa kanya ang ating mga kahilingan para sa sangkatauhan, para sa buong Simbahan, at para sa ating sarili. Manalangin tayo:

**B** – Panginoong Hesus, pakainin mo ang iyong bayan!

\* Para sa Simbahang Katolika at lahat ng iba pang Kristiyanong relihiyon: Nawa makatagpo sila sa Eukaristiya ng bukal ng kanilang paglago at pakikipagtulungan alang-alang sa lubos na pagkaka-kaisang idinalangin ni Kristo. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa Santo Papa, mga Obispo, mga Pari, at mga Na-

tatanging Ministrong Laiko ng Eukaristiya: Nawa ang kani-kanilang buhay ay maging matibay na saksi sa kabanalan ng Sakramentong ito. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga maysakit, nalulumbay, at mga dukha: Nawa makahango sila sa Eukaristiya ng lakas na kailangan nilang panlaban sa pag-iisa at pagtatakwil. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa ating pamayanan at mga pamilya: Alalahanin nawa nating ang paglahok sa Eukaristiya ay nangangailangan ng katapatan sa pagtataguyod ng pakikipagtulungan, katarungan, at kapayapaan. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga malapit nang mamatay: Nawa ang Eukaristiya ay maging patikim sa kanila ng ganap na pakikipagkaisa sa Diyos at lahat ng mga banal, na siyang katunayan ng buhay na walang hanggan. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa lahat ng mga ama: Nawa, sa kanilang pamilya, sila'y maging salamin ng lakas at kagandahang-loob ng Diyos Ama, ng pagmamahal at sakripisyo ng Diyos Anak, at ng karunungan at paggabay ng Diyos Espiritu Santo. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P** – Panginoong Hesus, pagkain at inumin ng buhay na walang hanggan, pawiin mo sa amin at sa aming pamayanan ang lahat ng hadlang sa aming pakikipagkaisa sa iyo at sa isa't isa. Tulutan mong ang buhay namin ay maging larawan ng Piging na inihanda mo para sa amin sa Kahariang pinaghaharian mo nang walang hanggan.

**B** – Amen!



**P** – Manalangin kayo . . .

**B** – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

#### Panalangin ukol sa mga Alay

**P** – Ama naming Lumikha, bigyan mo ngayon ang iyong sambayanan ng mga kaloob na pagkakaisa at kapayapaan na ipinahihiwatig ng mga alay namin sa paghahaing ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** – Amen!

#### Prepasyo

**P** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Noong Huling Hapunan siya'y nakisalo sa kanyang mga alagad bilang alaala ng pagtubos na laging kasalukuyan at walang wakas. Siya ang maamong tupang tumubos sa tanan. Siya ang alay na lubos mong kinalulugdan. Sa Huling Hapunan kami'y nagsasalo upang ganap kaming mapalapit sa iyo sa pagkakaisa ng lahat ng tao na pawang nananalig sa dakilang pag-ibig mo. Sa pagsasalong ito, kami'y iyong nililingap upang sa iyong Anak kami'y makatulad.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B** – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

#### Pagbubunyi

**B** – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



**B** – Ama namin . . .

**P** – Hinihiling namin . . .

**B** – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

#### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B** – Kordero ng Diyos . . .

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P*– Ito ang Panginoong Hesus, ang Tinapay ng Buhay, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

*B* –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

### Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

“Ang nagsasalo sa buhay ng sariling aking alay, sa akin ay mananahan, ako ay makakapisan,” ani Hesukristong mahal.

### Panalangin Pagkapakinabang

*P*– Panginoong Hesukristo, hinihiling naming kami’y gawin mong

makasalo nang lubusan sa bunga ng banal na pakikinabang sa iyong buhay na idinudulot sa piging ng paghahain ng iyong Katawa’t Dugong banal kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – Amen!



*P* –Sumainyo ang Panginoon.

*B* –At sumaiyo rin!

*P* –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)

Panginoon, itinatag mo ang Eukaristiya para makaisa mo ang lahat ng sumasampalataya. Huwag mong tulutang kami’y mawalay sa iyo.

*B* – Amen!

*P* –Panginoon, sa Eukaristiya, ang iyong bayan ay nagsasalo sa parehong banal na pagkain. Pagbuklurin mo kaming lagi bilang kabahagi ng parehong katawan.

*B* – Amen!

*P* –Panginoon, tinugunan mo ang gutom ng iyong bayan sa pamamagitan ng Eukaristiya. Sa Sakramentong ito, tulutan mong tumupad sila sa iyong kalooban.

*B* – Amen!

*P* –Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

*B* – Amen!

*P* –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon.

*B* –Salamat sa Diyos!

## ANG KADAKILAAN NG EUKARISTIYA

ni Sto. Tomas de Aquino



O dakila’t mahalagang piging! O piging na kahanga-hanga! O mapagligtas na piging na nag-uumapaw sa bawat sarap na espirituwal! May hihigit pa kaya sa piging na ito, hindi ng karne ng mga kambing, tulad noong araw, kundi ni Kristong tunay na Diyos na ipinagkaloob sa atin para sa ating ikalulusog? Ano ang higit pang dakila kaysa banal na Sakramentong ito? Dito, ang tinapay at alak ay pinapagbago’t naging katawan at dugo ni Kristo. Oo! Sa anyo ng kapisang tinapay at alak, narito si Hesukristo, ganap na Diyos at ganap na tao!


Dumudulog at nakikibahagi sa kanya ang mga sumasampalataya, ngunit hindi siya kailanman nahahati. Bagkus, bagamat nahahati ang tandang sakramental, nananatili pa ring buo si Kristo.

Tikman at tingnan ninyo ang kabutihan ng Panginoon!

### The Wonder of the Eucharist

Isang makulay na polyeto tungkol sa sakramento ng pag-ibig ni Kristo

Mabibili sa Word & Life Center sa Makati at religious bookstores.



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, V. David, K. Dy, D. Daguiog

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua